# 多言語情報コーナー　　　　　　（令和６年　４月号）

## 1. Ang Pagbubukas ng Child's Family Center

Mula Abril ngayong taon ay magbubukas ang Child's Family Center ng lungsod. Sa lugar na ito ay magbibigay ng mga pagpapayo at iba pang suporta sa pagpapalaki ng anak mula pagbubuntis hanggang umabot sa edad na 18 taong gulang upang kahit papaano ay maibsan ang mga iba't ibang suliranin na haharapin dulot ng child rearing.

Ang Child's Family Center ay binubuo ng 3 sections. Ito ay ang Oyako Hagu Section, Kodomo Sudachi Support Section at ang Child and Family Counselling Section.

Sa Oyako Hagu Section, ay magbibigay payo para pag-aalaga sa mga batang bago mag-isang taong gulang hanggang apat na taon.Mula sa pagbubuntis hanggang pagkatapos manganak. Magbibigay dito ng payo kung paano kukuha ng Maternity Handbook, pagkonsulta sa pisikal na kalagayan ng hindi lamang ng ina ngunit pati na rin ang ama bago isilang ang anak ganun din pagkatapos ipanganak ito. Ang mga preparasyon sa pagpapapagatas ng ina at pagkain ng sanggol.At ang pagsusuri sa paglaki ng bata.

Sa Kodomo Sudachi Support Section naman ay nagbibigay ng payo para sa mga bata mula 5 hanggang 18 taong gulang. Para naman sa Child and Family Counselling Section ay nagbibigay payo at konsultasyon tungkol sa child abuse, domestic violence at early parenting.

Bilang karagdagan, itatatag din ang Children Consulation Desk kung saan ang tanggapan na ito ay may mga propesyonal na magbibigay payo o magtuturo kung saan dudulog para sa suporta na kailangan sa pagpapalaki ng bata kung hindi alam ang pupuntahan.

Ang Child's Family Center ay matatagpuan sa pangalawang palapag ng Tochigi Health and Welfare Center sa Imaizumi Machi.

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan tungkol sa mga bagay na ito

Gayundin, kung kailangan ng interpreter, makipag-ugnayan lamang sa Tochigi International Community.

.

## 2. Tungkol sa Pagdiriwang sa Kapanganakan ni Tochisuke sa @ Marche

Kilala nyo ba ang maskot na karakter ng Tochigi City na si Tochisuke?
Ang kaarawan ni Tochisuke ay sa ika-5 taong 2014.Bilang pagdiriwang sa ika-10 anibersaryo ng kaarawan ni Tochisuke, ay idaraos ang "Tochisuke Birthday Party @ Marche" sa Tochigi City Museum of Art and Literature Plaza ng Irifune-cho mula alas 10:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon sa nasabing petsa. Bukod sa seremonya ng kaarawan, magkakaroon din ng stage at photo shoot time para kay Tochisuke at sa mga kaibigan niyang karakter gaya ni Sanomaru.
Kung sakaling umulan, ang venue ay ihilipat sa Tochigi City Community Center.
Ito ay isang magandang pagkakataon upang makita at malapitan si Tochisuke, kaya inaanyayahan ang lahat na pumunta.
Walang paradahan ng sasakyan malapit sa venue kaya gamitin ang paradahan ng munisipiyo o pumarada sa mga malalapit na parking area na may bayad.

### 3. Paala-ala Tungkol sa Uzumare Japanese Class

Ang pagdadausan ng Japanese class ng Tochigi International Community sa Uzumare Ohira Class ay magbabago mula Abril.
Ang bagong lugar ay sa training room ng Furusato Fureaikan sa Kurai, Ohira Machi.
Matatagpuan ang Furusato Fureaikan sa tabi ng Yuyu Plaza, kung saan mayroong Japanese garden.
Magbabago din mula dalawang beses sa isang buwan hanggang tatlong beses na.
Ang oras ay mula alas 10:00 hanggang alas 11:30 ng umaga tuwing una, ika-2 at ika-4 na Sabado ng buwan
Bilang karagdagan, ang Uzumare Central Class ay ginaganap tuwing Miyerkules, apat na beses sa isang buwan, mula alas 10:00 hanggang alas 11:30 ng umaga sa ika-4 na palapag ng training room ng Tochigi City Community Center sa Irifune Cho
Ang layunin ng Uzumare Central Class ay matulungan ang mga mag-aaral na matutunan ang mga salita na ginagamit sa pang-araw-araw upang maging panatag sa pamumuhay sa Japan.
Maaaliw na matuto ng wika ng hapon habang nakikipag-interaksyon sa iba pang mag-aaral at mga nagtuturo.
Ang sinumang gustong mag-aral ng Japanese ay maaaring lumahok at ito ay walang bayad.
Kaya huwag nang mag-atubiling pumunta.

## 4. Tungkol sa Pagtatalaga ng mga Interpreters sa Ohira General Branch ng Munisipiyo.

Sa Ohira General Branch ng munisipiyo ay nagtalaga ng mga interpreters upang matiyak ang maayos na komunikasyon sa pagitan ng mga kawani ng tanggapan at mga pupuntang dayuhan
Available ang Chinese interpreter tuwing Martes mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 12:00 ng tanghali. Dagdag pa rito, mayroong English interpreter tuwing Miyerkules mula alas 3:00 hanggang 5:00 ng hapon. Bilang partikular, sa ikalawang Miyerkules ng buwan, magiging available ang isang English interpreter hanggang alas 7:00 ng gabi.
Tutulong ang interpreter sa mga proseso tulad ng pag-abiso ng pagbabago ng tirahan, aplikasyon para sa My Number, mga bayarin sa buwis, at iba pa, kaya kung maaari pumunta sa mga araw na may available na interpreter.